
3

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Tamang Tanong, Tamang Sagot!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_MTB 3_Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Tamang Tanong, Tamang Sagot!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Glaiza A. Dela Cruz

**Editor:** Babeth P. Gevila, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Grace L. Completo, Jennie T. Calamba, Myleen C. Robinos
Lea C. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc

**Tagaguhit:** Elmer E. Dela Cruz

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Winnie E. Batoon, Mary Jeanne B. Aldeguer, Chona M. Calatrava, Analiza C. Almazan, Teresita E. Helgason, Ma. Cielo D. Estrada, Jesusa P. Ambrona, George N. Wong

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Tamang Tanong, Tamang Sagot!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sap ag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunag pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matuto and ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Kumusta? Maligayang pagdating sa Ikalawang Markahan! Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Tamang Tanong, Tamang Sagot!

Subukin mong alamin kung ano ang mga panghalip na pananong. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang iba't ibang panghalip na pananong (MT3G-IIa-b-2.2.3).

### *Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang mga ideya, pag-iisip at nararamdaman sa sarili, pamilya, paaralan at komunidad.

Paalalahanan sila na hindi ito dapat sulatan dahil gagamitin pa ito ng ibang mga mag-aaral sa mga susunod pang mga taon.



# Subukin

Basahin ang maikling kuwento sa ibaba.

Si Elsa at ang Alagang si Mingming
ni: Glaiza A. Dela Cruz



Ako si Elsa at ito naman ang alaga kong pusa na si Mingming. Nakita ko itong si Mingming noong akoy naglalakad pauwi galing sa paaralan. Muntik na siyang masagasaan ng mga panahon na iyon. Sinundan niya ako pauwi sa bahay. Kaya simula noon ay inalagaan ko na si Mingming. Palagi ko siyang pinapakain at nililinis. Paminsan-minsan ay naglalaro rin kami sa labas ng bahay namin. Mahal na mahal ko si Mingming at mahal din niya ako.

Pillin ang tamang panghalip na pananong mula sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng mga katanungan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. Ano | B. Saan | C. Sino | D. Kailan |

1. ________ ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   (Si Elsa ang pangunahing tauhan sa kuwento.)
2. ________ ang nangyari sa pusa?
   (Muntik ng masagasaan ang pusa.)
3. ________ ang ginawa ng pusa kay Elsa?
   (Sinundan ng pusa si Elsa nang pauwi siya ng bahay.)
4. ________ nakita ni Elsa si Mingming?
   (Nakita ni Elsa sa daan si Mingming nang siya ay naglalakad pauwi galing sa paaralan.)
5. ________ inalagaan ni Elsa si Mingming?
   (Simula nang dumating ang pusa sa bahay nina Elsa inalagaan na niya ito.)

# Aralin 1 Tamang Tanong, Tamang Sagot!

Naranasan mo na bang tawagin ng iyong guro at tinanong nang biglaan? Sa iyong pagkabigla, iba ang iyong nasagot. Matatawa ka na lang sa iyong sarili at maiisip na kung pwede lang sana maibalik ang panahon upang masagot ng tama ang tanong ng guro.

Sa modyul na ito ay may iba't ibang angkop na tanong na may angkop na sagot na ating tatalakayin. Paniguradong hinding-hindi ka na magkakamali pa sa susunod na tatawagin at biglaang tatanungin ng iyong guro.

## *Balikan*

Bago tayo dumako sa bagong leksiyon, balikan muna natin ang natutuhan mo sa naunang modyul.

Ano ang idyoma? Sumulat ng dalawang pangungusap na may idyoma. Gawin ito sa malinis na papel.

# Tuklasin

Basahin ang usapan ng dalawang magkaibigang sina Karin at Kaloy sa ibaba.

**Kaloy:** Karin, saan ka pupunta?
**Karin:** Pupunta ako sa tindahan, bibili ng toyo.
**Kaloy:** Pupunta ka ba sa bahay nina Karla?
**Karin:** Anong meron sa bahay nina Karla?
**Kaloy:** Birthday ni Karla.
**Karin:** Saan nga banda ang bahay nila?
**Kaloy:** Diyan lang sa may parke. Sabay tayong pumunta.
**Karin:** Sige, sabay tayo. Sino pa ang kasama natin na pupunta doon?
**Kaloy:** Sina Karlo at Kris.
**Karin:** Sige, kita-kita tayo mamaya.




Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa binasang usapan. Isulat ang titik ng wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.


1. Ano ang tanong ni Kaloy kay Karin nang magkita sila?
   a. Ilang taon ka na?
   b. Saan ka nakatira?
   c. Saan ka pupunta?
2. Ano ang itinanong ni Karin kay Kaloy ng magkita sila na sinagot ni Kaloy ng "Birthday ni Karla?"
   a. Sino siya?
   b. Nasaan siya?
   c. Ano ang meron sa bahay nila Karla?
3. Ano ang itinanong ni Karin kay Kaloy na sinagot ni Kaloy ng "Sina Karlo at Kris."
   a. Ilang taon na siya?
   b. Kailan ang kanyang kaarawan?
   c. Sino pa ang kasama natin na pupunta doon?

# Suriin

Ngayon pag-usapan natin ang iyong mga sagot sa unang gawain. Handa ka na ba?

Kung ang sagot mo sa unang tanong ay (Saan ka pupunta?) tama ang sagot mo. Sa pangalawang tanong naman kung ang sagot mo ay (Anong meron kina Karla?) tama ang sagot mo. Sa pangatlong tanong kung ang sagot mo ay (Sino ang kasama nilang pupunta kina Karla?) tama ulit ang sagot mo.

Ang mga salitang **ano, saan, kailan** at **sino** ay mga salitang humihingi ng sagot at ito ay tinatawag na mga **panghalip na pananong** o mga salitang nagtatanong. Kilala naman ito sa tawag na Interrogative Pronoun sa Ingles.



**Tandaan**

May mga salitang dapat mong gamitin at tandaan upang ito ay masagot ng tama. Ito ay ang mga panghalip na pananong.

- **Sino –** ang panghalip na pananong na ginagamit kung tayo ay magtatanong tungkol sa tao o ngalan ng tao.
  Halimbawa: Sino ang guro mo sa Ikatlong Baitang?
  Sino ang paborito mong artista?

- **Saan** – ang panghalip na pananong na ginagamit kung tayo ay magtatanong tungkol sa lugar o ngalan ng lugar.
  Halimbawa: Saan ka nag-aaral?
  Saan ang lalagyanan ng mga damit?

- **Kailan** – ang panghalip na pananong na ginagamit kung tayo ay magtatanong tungkol sa oras o panahon.
  Halimbawa: Kailan ipapasa ang ating takdang-aralin?
  Kailan ang kaarawan mo?

- **Ano** – ang panghalip na pananong na ginagamit kung tayo ay magtatanong tungkol sa isang bagay o isang pangyayari.
  Halimbawa: Ano ang ginawa ninyo kahapon?
  Ano ang magandang ibibigay na regalo para sa kaniyang kaarawan?

## *Pagyamanin*

Basahin ang usapan nina Mama Belen at kaniyang anak na si Jimmy. Hanapin at isulat sa papel ang mga panghalip na pananong na iyong makikita sa kanilang usapan.



Mama Belen: Kumusta ang klase ninyo kanina anak?

Jimmy: Ok naman po, Mama. May gagawin nga po pala kaming **outreach program**.

Mama Belen: Ano ang gagawin ninyo sa outreach program na iyan, anak?

Jimmy: Magbibigay po kami ng mga pagkain at mga damit na pinaglakihan na puwede pang gamitin ng iba, Ma.

Mama Belen: Sino naman ang bibigyan ninyo niyan, anak?

Jimmy: Ang mga nasalanta po ng kalamidad, Ma.

Mama Belen: Ano ang ibibigay mo para maihanda ko? Saan at kanino natin ito ibibigay?

Jimmy: Ang mga damit ko po na hindi na kasya sa akin. Ako na po ang maghahatid kay Gng. Delos Reyes bukas.

Mama Belen: Kailan ninyo ihahatid iyan sa mga nasalanta ng kalamidad, anak?

Jimmy: Sa Biyernes po, Ma. Sina Gng. Delos Reyes at ibang guro po ang maghahatid kasama po kaming iilang mga mag-aaral.

Mama Belen: Hala, sige anak kumain ka na diyan at nang matulungan mo akong mahanap ang ibang mga damit na hindi na rin kasya sa amin ng Papa mo para makadagdag.



## *Isaisip*

Kailan gagamitin ang mga panghalip na pananong na Ano, Saan, Kailan at Sino? Isulat ang iyong sagot sa papel.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## Isagawa

Piliin ang mga panghalip na pananong na makikita sa mga sumusunod na mga salaysay. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Kailan naganap ang usapan nina Mama Belen at Jimmy?
2. Saan isusulat ang ating takdang aralin sa MTB-MLE?
3. Sino ang kasama mong nagsimba noong nakaraang linggo?
4. Ano ang magandang regalo para kay Mama?
5. Saan pumunta si kuya?

## Tayahin

Hanapin at isulat sa sagutang papel ang panghalip na pananong na angkop gamitin sa mga pahayag.

1. (Saan, Sino) ka galing kagabi?
2. (Kailan, Sino) ang kasama mong namili ng gulay sa palengke?
3. (Kailan, Ano) ipapasa ang proyekto natin sa MTB-MLE?
4. (Saan, Ano) ang ipinagawa ng guro natin kahapon?
5. (Sino, Saan) pumunta si Papa?

## Karagdagang Gawain

Basahin ulit ang usapan nina Kaloy at Karin. Isulat sa sagutang papel ang mga panghalip na pananong na ginamit sa kanilang usapan.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. A
3. A
4. B
5. D

**Balikan**

Inaasahang ang magkaibang sagot.

**Tuklasin**

1. C
2. C
3. C

**Pagyamanin**

Mama Belen: Ano ang gagawin ninyo sa outreach program na iyan anak?

Mama Belen: Sino naman ang bibigyan ninyo niyan, anak?

Mama Belen: Ano ang ibibigay mo para **maihanda** ko? Saan at kanino natin ito ibibigay?

Mama Belen: Kailan ninyo **ihahatid** iyan sa mga nasalanta ng kalamidad anak?

**Isagawa**

1. Kalian
2. Saan
3. Sino
4. Ano
5. Saan

**Tayahin**

1. Saan
2. Sino
3. Kalian
4. Ano
5. Saan

# *Sanggunian*

*Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3*. DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City,138

*Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020 for MTB-MLE Grade III Q2* DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong, Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang, Victoria A. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega. *MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)* 2014, 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press, Inc.,122, 137, 139

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph